

Pebrero 12, 2021

Mahalagang mensahe mula sa California Department of Developmental Services tungkol sa

Pagkontak sa Consumers Tungkol sa Eligibility para sa Bakuna sa COVID-19

Ano ang dapat ninyong malaman

Para sa mga indibidwal na 65-taong-gulang at mas matanda, kokontakin po kayo at ang inyong pamilya ng inyong regional center upang matulungan kayong makuha ang bakuna sa lalong madaling panahon.

Ang may mataas na panganib na mga indibidwal na 16 hanggang 64-taong-gulang ay karapat-dapat na makatanggap ng bakuna pagkatapos ng Marso 15, 2021.

Ano ang Magbabago?

Upang tulungang protektahan ang mga taong 65-taong-gulang at mas matanda na maaring hindi pa nababakunahan, ang regional centers ay kokontak sa kanila at/o sa kanilang caregivers upang:

- Bigyan sila ng impormasyon kung paano mag-iskedyul ng appointment at kung saan kukunin ang bakuna
- Bigyan sila ng mga opsyon upang makakuha ng tulong sa pagkuha ng bakuna
- Pag-usapan ang kaligtasan ng bakuna, tulad ng impormasyon mula sa [Mga Madalas na Katanungan](#) ng Department
- Magtanong kung nabakunahan na kayo, at kung kailan ginawa ito



Simula Marso 15, 2021, maaring mabakunahan ng kawani ng pangangalagang pangkalusugan ang mga indibidwal na 16-64-taong-gulang na may pinakamataas na panganib na malubhang magkasakit o na mamatay mula sa COVID-19.

Para sa isang listahan ng mga ispesipikong kwalipikadong kondisyon sa kalusugan, [basahin ang buong directive](#) mula sa DDS. Ang impormasyon na ito ay maaring magbago, depende sa ano pa mang karagdagang impormasyon ang matututunan ng mga siyentista.

Mangyaring tandaan na hindi dahil kayo ay karapat-dapat na magpabakuna ay ibig sabihin na makukuha ninyo ito kaagad. Limitado ang supply ng bakuna sa kasalukuyang panahon.

Mayroon bang mga Katanungan?

Mangyaring kontakin ang inyong regional center. Kung hindi nila kayo matutulungan, mangyaring mag-email sa DDSC19@dds.ca.gov.

Para sa karagdagang impormasyon

[Pagkontak sa Consumers Tungkol sa Eligibility para sa COVID-19 Vaccination](#)

DDSC19@dds.ca.gov
www.dds.ca.gov/corona-virus-information-and-resources/

